


Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# 4

# EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO

## Ikalawang Markahan – Modyul 8:
### Kaaya-ayang kapaligiran: Sa Sarili at Kapuwa

**Name of Learner:** ______________________________

**Grade & Section:** ______________________________

**Name of School:** ______________________________



# Alamin

Magandang umaga mga bata! Maligayang pagdating! Ang ating panibagong aralin sa Edukasyon Pagpapakatao ay tungkol sa" Kaaya-ayang Kapaligiran; Sa Sarili at kapuwa." Ang pakikipagkapuwa-tao ay kinakailangang maisaisip, maisapuso at maisabuhay ng bawat isa mula sa kanyang pagkabata upang umunlad tayo bilang isang indibidwal, isang pamayanan at isang bansa.

- Pagpapanatili ng tahimik, malinis at kaaya-ayang kapaligiran bilang paraan ng pakikikpagkapuwa-tao. **(EsP4P-llf-i-21)**

| *Modyul 8* | **Kaaya-ayang Kapaligiran: Sa Sarili at Kapuwa** |
|---|---|

# Balikan



Sa gawaing ito ating balikan at iayos ang mga letra upang mabuo ang tamang salita.

**Panuto**: Ayusin ang pagkakasunod-sunod upang makabuo ng isang ideya. Pag-usapan ang sagot ng mga mag-aaral sa simula ng aralin.

ANILPISID GNA NAGNALIAK

**Sagot:**



# Tuklasin

Sa bahaging ito ating pag-aralan ang kaaya-ayang kapaligiran: sa Sarili at Kapuwa.

**Panuto:** Basahin ang Tula na nasa ibaba at sagutin ang mga sumusunod na tanong. Piliin ang titik ng tamang sagot.

## Disiplina ang Kailangan

Isang hating gabing payapa, banayad ang hangin
Sa hilaga'y nakalagak katawang nahihimbing
Pamamahinga'y natigil, natutulog  na diwa'y nagising
Ingay ng mga tao at sasakyan sa labas ang gumigising.

Isang magandang tanawin, matatagpuan sa hardin
Paru-paro'y umaaligid, sumasayaw sa hangin
Sa isang iglap ay napawi magandang tanawin
Walang awang sinira ng batang kay hirap disiplinahin.

Pipiip! pipiip! busina ng trak ng basura
Hahakutin ang naipong kalat ng pamilya
Pero teka muna, tila ang iba'y walang nakikita!
Sa kanal at ilog pa rin itinatapon ang basura.

Paligid na tahimik, payapa, at paraiso
Sa isang iglap naglaho gandang taglay nito
Nasaan ang disiplina, bakit ganito ang tao?
Kailan kaya matututong alagaan ang paligid
na noo'y isang kaaya-ayang paraiso.

## UNAWAIN AT SAGUTIN:


1. Ibigay ang mensahe ng binasang tula?
    - A. Hinihikayat ang mga tao na matutong alagaan ang paligid.
    - B. May mga maninira ng magandang tanawin.
    - C. Disiplina ang kailangan upan mapanatili ang malinis, tahimik at kaaya-ayang kapaligiran.
    - D. Huwag natin hayaang madumihan ang ating kapaligiran.
2. Ano ang iyong naramdaman pagkatapos mong binasa ang tula?
    - A. Nabigyan pansin ang kahalagahan ng kaaya-ayang kapaligiran.
    - B. Natulala sa ganda ng pagkasulat ng nilalaman ng tula.
    - C. Nabighani sa kagandahan ng ating kapaligiran.
    - D. Nahimok maglinis ng iyong kapaligiran.
3. Paano mo itutuwid ang maling gawain ng mga tao sa pangangalaga sa kapaligiran?
    - A. Pagbibigay babala
    - B. Magsagawa ng isang proyektong pangkapaligiran.
    - C. Bumuo ng pag-aanunsiyo tungkol sa pangangalaga sa kapaligiran
    - D. Magtakda ng mga ordinansa sa barangay.
4. Paano mo tutugunan ang pananawagan sa dalawang huling linya ng tula?
    - A. Wastong pagtatapon ng basura
    - B. Disiplina ang kailangan
    - C. Panatlihing malinis ang kapaligiran
    - D. Matutong alagaan ang paligid
5. Bakit mahalaga na mapanatli ang malinis, tahimik, at kaya-ayang kapaligiran?
    - A. Upang magkarooon ng malusog at matatalinong pangngatawan.
    - B. Upang makaiwas sa sakit.
    - C. Upang magkaroon ng sariwa at malinis na hangin.
    - D. Upang mapanatili ang kaayusan at kagandahan ng kapaligiran.

# Suriin


Sa bahaging ito, ating suriin ang pagpapanatili ng tahimik at kaaya-ayang kapaligiran.

**Panuto:** Pag-aralan ang mga larawan na nasa ibaba. tukuyin ang mga larawan na nagpapahiwatig ng pagpapanatili ng tahimik, malinis at kaaya-ayang kapaligiran. Lagyan ito ng tsek kung nagpapakita ng pagpapanatili ng tahimik, malinis at kaaya-ayang kapaligiran.

**Bilang: 1-3**



**Bilang: 4-5**



# Pagyamanin

Sukatin ang lalim ng iyong kaalaman ukol sa pagpapanatili ng tahimik, malinis at kaaya-ayang kapaligiran sa pamamagitan ng pagsagot sa gawain na nasa ibaba. Isulat ang tamang sagot sa sagutang papel.

**GAWAIN 1**

**Panuto:** Gumawa ng babala o alintuntunin para sa pagpapanatili ng malinis, tahimik at kaaya-ayang kapaligiran.

**Sagot:**



# Isaisip

## Tandaan Natin:

Pagpapanatili ng tahimik, malinis, at kaaya-ayang kapaligiran. Sa pamamagitan ng ibat ibang programa, napangangalagaan nito ang kapaligiran tulad ng sistema ng pangongolekta ng basura, pagtatalaga ng mga pulis na tumitiyak sa katahimikan at kaayusan ng lugar, pulis-trapiko na nagsasaayos ng daloy-trapiko at mga programa na nangangalaga sa kalikasan. Nagtatakda rin ang mga lokal na pamahalaan ng mga ordinansa  sa oras ng paggamit ng videooke, maayos na pangangalaga sa mga alagang hayop, pagbabawal sa paggamit ng plastic at tamang lugar ng tawiran , babaan at sakayan. May mga nakalaan ding pampublikong palikuran na maaring magamit ng kahit na sinong mamamayan.

May mga hakbang din na ginagawa ang paaralan upang mapanatili ang kaayusan ng paligid nito.May mga basurahan na matatagpuan sa ibat ibang bahaging paaralan.Nagkakaroon din ng mga kampanya para sa wastong pangangalaga ng kapaligiran.

Malaki talaga ang kontribusyon ng malinis na kapaligiran sa pagkakaroon ng malusog na katawan at isipan ng mga mamamayan.Dahil dito, ang disiplina at pakikiisa ng mga tao sa lahat ng programang ipinatutupad ay kailangan upang mapanatili ang kaayusan at kagandahan ng kapaligiran.



# Isagawa

Pag-aralan ang mga salita na nasa kahon. Isulat sa loob ng “Thumbs up sign” ang mga salita tungkol sa pagpapanatili ng kaaya-ayang kapaligiran mula sa kahon. Sa labas ng kamay Isulat o ipaskil ang mga salitang hindi tumutukoy sa pagpapanatili ng kaaya-ayang kapaligiran.

| | | |
|---|---|---|
| Walis | basura | Maayos na tindahan |
| halaman | disiplina | Mausok na sasakyan |
| Basurahan | pandilig | Mabahong kanal |
| plastik | Metro aid | Malinis na kalsada |
| Malakas na tugtog | | |





# Tayahin

**Panuto:** Pag-aralan ang bawat tanong o pangungusap. Itiman ang titik ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

1. Ano-anong mga kagamitan ang dapat gamitin sa paglilinis ng ating kapaligiran?
   A. Walis at pandakot
   B. Pandilig
   C. Plastik
   D. Halaman
2. Paano mo mapangangalagaan ang iyong kapaligiran?
   A. Mauusok na sasakyan
   B. Mabahong kanal
   C. Pangongolekta ng basura
   D. Magkalat ng basura
3. Ito ay nangangahulugan ng pagkontrol sa sarili na gumawa ng masama at gawin ang tama.
   A. Matapang
   B. disiplina
   C. Duwag
   D. Walang galan
4. Ano ang magandang naidudulot ng mga punongkahoy sa ating kapaligiran?
   A. Nagbibigay ng maaliwalas na kapaligiran at magandang ihip ng hangin.
   B. Nagsisilbing palamuti lamang
   C. Walang silbi
   D. Walang magandang naidudulot.
5. Ito ay ang pagkakaroon ng maganda at maayos na pakikipag-ugnayan sa ibang mga kapuwa-tao.
   A. Kaalaman
   B. Pakikipagkapuwa-tao
   C. Pagkamahinahon
   D. Pagkabukas-palad



# Susi sa Pagwawasto

**Balikan:**
Sagot:
Disiplina ang Kailangan

**TUKLASIN:**
Sagot:
1. C
2. A
3. D
4. A
5. D

**Suriin:**
Sagot:
1. X
2. /
3. X
4. X

**Pagyamanin:**
Sagot:
Gawain 1: Depende ang sagot

**Isaisip:**
Sagot: Walang sagot

**Tayahin:**
Sagot:
1. C 3. D 5. D
2. A 4. A
3. D

**Isagawa:**
sagot:

**thumbs-up :**
1. walis
2. halaman
3. basurahan
4. Disiplina
5. Pandilig
6. Metro aide
7. Maayos na tindahan
8. Malinis na kalsada

**Labas ng Kamay:**
1. Plastik
2. malakas na tugtog
3. Basura
4. Mausok na sasakyan
5. mabahong kanal

## *Sanggunian:*


- Kagawaran ng Edukasyon, Edukasyon sa pagpapakatao 4 Modyul para sa mag-aaral, DepEd-BLR, 2015, ***157-164***
- *Kagawaran ng Edukasyon, Edukasyon sa Pagpapakatao Patnubay ng guro , DepEd-BLR, 2015, 88-92.*



**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

Manunulat: Amal O. Balahim, T-III, Kumalarang E/S, Isabela City Division
Editor: EsP 4 teachers Module writers
Tagasuri: Fadzher G. Ismael, Ph. D, PSDS , Isabela West District 3
Tagaguhit: Fatima A. Enjambre, T-I, Geras E/S, Isabela City Division
Tagalapat: Arlyn DS Ramos, T-I, Geras E/S, Isabela City Division

Tagapamahala:
Julieto H. Fernandez, OIC-SDS
Maria Laarni T. Villanueva, OIC-ASDS
Eduardo G. Gulang, SGOD Chief
Henry R. Tura, CID Chief
Elsa A. Usman, LR Supervisor
Violeta M. Sta. Elena, EPS, ADM Module Coordinator